**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 7255-7483 | E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph
pssponline

# PROGRAMA
## Ika-45 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino
## #TindogTayo: Pagbangon at Paninindigan para sa Sarili, Kapwa, at Bayan
## 25-27 Nobyembre 2021

## Inihahandog ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino at UP Visayas Tacloban College

| | |
|---|---|
| **25 Nobyembre 2021 (Huwebes)** | |
| 8:30-9:00 n.u. | Pambungad na Programa<br>• Pambansang Awit<br>• Ritwal<br>• Pambungad na Pananalita (Dr. Patricia B. Arinto at Dr. Jose Antonio R. Clemente) |
| 9:00-10:15 n.u. | Unang Plenaryong Sesyon: Pangunahing Pananalita<br><br>*Fr. Flaviano Villanueva, SVD*<br>*Executive Director, St. Arnold Janssen Kalinga Center* |
| 10:25-11:55 n.u. | Unang Sabayang Sesyon<br>• 1A-Sikolohiya ng Ispiritwalidad at Pagpapatawad<br>• 1B-Sikolohiyang Pilipino at Lokal na Pagkakakilanlan<br>• 1C-Pagdadala at Pagseserbisyo sa Sarili, Kapwa, at Bayan<br>• 1D-Sikolohiya ng Pagtulong at Pagtugon<br>• 1E-Diwa, Punla, at Lunan ng/sa Sikolohiyang Pilipino<br>• 1F-Pagunawa sa Sarili at Sikolohiyang Pilipino<br>• 1G-Mga Salik na Nagbibigay Proteksyon sa mga Adolescents at Early Adults (Symposium) |
| 12:00-12:30 n.t. | Pulong ng Kasapian |
| **26 Nobyembre 2021 (Biyernes)** | |
| 8:30-8:45 n.u. | Ritwal |
| 8:45-10:45 n.u. | Ikalawang Plenaryong Sesyon: Pagbangon Mula sa mga Hamon ng Buhay<br><br>LDR sa Pandemya: Distansya Nga Lang Ba ang Problema?<br>*Assoc. Prof. Anna Cristina A. Tuazon, PsyD, RPsy*<br>*Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |

| | |
|---|---|
| | Para Kanino (at Bakit) ka Bumabangon? Mga Aral Mula sa mga Hamon ng Bagyong Yolanda<br>*Asst. Prof. Pierce S. Docena, MA, RPm*<br>*Division of Social Sciences, Unibersidad ng Pilipinas Visayas Tacloban College*<br><br>Ang Kapwa sa Negosyo<br>*G. Gerardo "Jun" V. Cabochan, Jr.*<br>*Pandayan Bookshop* |
| 11:00-12:30 n.t. | Ikalawang Sabayang Sesyon *(Tingnan ang pahina 8-9)*<br>• 2A-Mga Pagpapahalagang Pilipino<br>• 2B-Paghahanap-buhay sa Panahon ng COVID-19 Pandemya<br>• 2C-Mental Health at Sikolohiyang Pilipino<br>• 2D-Daynamiko ng Pagmamagulang sa Panahon ng COVID-19 Pandemya<br>• 2E-Danas at Damdam ng mga Mag-aaral sa Panahon ng COVID-19 Pandemya<br>• 2F- Gamit at Epekto ng Social Media sa Kapwa at Kultura<br>• 2G- Mga Kwalitatibong Pag-aaral sa Sikolohiyang LGBTQ+: Mga Kwento't Karanasan ng mga Pilipinong LGBTQ+ sa Iba-ibang Konteksto (Symposium) |
| **27 Nobyembre 2021 (Sabado)** | |
| 8:30-8:45 n.u. | Ritwal |
| 8:45-9:30 n.u. | Ikatlong Plenaryong Sesyon: Paninindigan sa Electoral Reform<br><br>Ang Pag-unlad ng mga Kasanayan sa Halalan sa Pilipinas: Isang Sulyap sa Kasaysayan<br>*Asst. Prof. Emmanuel Jeric A. Albela, PhD, LPT*<br>*Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Santo Tomas* |
| 9:45-10:30 n.u. | Ika-apat na Plenaryong Sesyon: Paninindigan para sa Karapatan at Kalikasan<br><br>Para Kanino ka Bumabangon?: Ang Laban Natin Para sa Karapatan at Kalikasan<br>*Atty. Golda S. Benjamin*<br>*College of Law, Silliman University* |
| 10:40-11:55 n.u. | Ikatlong Sabayang Sesyon *(Tingnan ang pahina 10-11)*<br>• 3A-Mga Malikhaing Metodo sa Pananaliksik tungkol sa LGBTQ+: Mga Karanasan at Kabatiran mula sa SHE Project<br>*Beatriz A. Torre, Sabrina Gabad, Marby Villaceran, at Amos Manlangit*<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>• 3B-Paano Makayanan ang Pagkawala ng Mahal sa Buhay<br>*Ruth Edisel Rylle B. Sadian-Cercado*<br>*Unibersidad ng Pilipinas Visayas Tacloban College* |

| | |
|---|---|
| | • 3C-Pag-Usapan Natin: Mga Usaping Etikal sa Sikolohiya sa Pilipinas<br>*Jay A. Yacat, Diwa Malaya A. Quiñones, at Divine Love A. Salvador*<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>• 3D-Pagbuo ng Glosaryo sa Sikolohiyang Pilipino<br>*Jayson D. Petras*<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |
| 12:00-12:30 n.u. | Pangwakas na Programa<br>• Presentasyong Kultural<br>• Pasasalamat at Pangwakas na Pananalita<br>• Riwal ng Pagtatapos<br>• Posttest at Pagtatasa ng Kumperensiya |

## ABSTRAK NG MGA SESYON

**LDR sa Pandemya: Distansya Nga Lang Ba ang Problema?**
*Assoc. Prof. Anna Cristina A. Tuazon, PsyD, RPsy*
*Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

Isa sa pinakamapaminsalang epekto ng pandemya ay ang pagkawala ng koneksiyon sa kapwa (*social connection*). Ang pagbabawal sa pagbabiyahe ay lubhang nakaapekto sa mga magkalayong magkasintahan/mag-asawa, na nagdulot ng kawalan ng katiyakan at kontrol bilang *third-party* sa isang relasyon. Tatalakayin sa maikling presentasyong ito ang mga karaniwang isyu na nararanasan ng mga nasa *long-distance relationship (LDR)* at ituro ang mga paraan na maaaring iangkop ng mga nasa LDR upang makapagpatuloy sa gitna ng pandemya.

**Para Kanino (at Bakit) ka Bumabangon? Mga Aral Mula sa mga Hamon ng Bagyong Yolanda**
*Asst. Prof. Pierce S. Docena, MA, RPm*
*Division of Social Sciences, Unibersidad ng Pilipinas Visayas Tacloban College*

Tatalakayin sa maikling presentasyon ang karanasan ng UP Tacloban sa mental health at psychosocial support (MHPSS) bilang tugon sa mga hamon na dulot ng bagyong Yolanda noong 2013. Ilalahad ng tagapagsalita ang mga interbensyon at programang nakatuon sa pagbangon mula sa bagyong Yolanda. Bibigyang pansin ang mga salik na nagpadali at nagpahirap sa pagbangon at ibabahagi rin ang mga aral na natutunan at nananatiling mahalaga sa kolektibong pagbangon mula sa sakuna.

**Ang Kapwa sa Negosyo**
*G. Gerardo "Jun" V. Cabochan, Jr.*
*Pandayan Bookshop*

Ang konsepto ng kapwa na nilatag ni Virgilio G. Enriquez ay sinisikap isabuhay ng Pandayan Bookshop. Sa Pandayan, tinawag itong Kapwa Factor. Taglay ng Kapwa Factor ang mabuting pagpapakatao, pakikipagkapwa-tao, at pagkamakatao. Nasa pagpapakatao ang paghubog sa sarili. Nasa

pakikipagkapwa-tao ang paghubog sa mabuting pakikipag-ugnayan sa isa o iilang kasama. At nasa pagkamakatao ang paghubog sa mabuting pakikipag-ugnayan sa pamayanan.

Ang diwa o sangkap ng pagkatao na kumikilala sa sagrado bagamat hindi ito nakikita ay nagpapaigting sa ating paggalang sa kabutihan ng kapwa tao. Hinasa ng kulturang Pilipino ang kamalayan natin sa katotohanan ng diwa. Gamit ang kuwento ng Pandayan Bookshop, ibabahagi ng maiksing pananalita ang pagsasabuhay sa Kapwa Factor ng isang samahan.

**Ang Pag-unlad ng mga Kasanayan sa Halalan sa Pilipinas: Isang Sulyap sa Kasaysayan**

Ang Pag-unlad ng mga Kasanayan sa Halalan sa Pilipinas: Isang Sulyap sa Kasaysayan

*Asst. Prof. Emmanuel Jeric A. Albela, PhD, LPT*
*Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Santo Tomas*

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pag-unlad ng mga kasanayan sa halalan sa Pilipinas simula 1899, nang pinagtibay ng mga Pilipino ang Konstitusyon ng Malolos na magsisilbing batayan ng Unang Republika ng Pilipinas hanggang sa paglathala ng 1987 Saligang Batas. Samakatuwid, maaari nitong masakop ang mga sistemang elektoral sa mga nakaraang taon ngunit hindi limitado sa mga reporma at kwalipikasyon na dapat taglayin ng bawat Pilipino sa pagtupad ng kanilang karapatang bumoto. Gamit ang metodong historikal, na kung saan gagamitin ang naratibo, deskriptibo, at analitikong pamamaraan, nais ng tagapagsalita na ipakita ang pag-unlad ng mga Pilipino sa pakikilahok sa demokratikong proseso ng halalan. Bukod dito, gumamit din ng *historical hermeneutics* upang mabigyang kahulugan ang ilang mga termino at parirala para maunawaan nang mas mabuti ang ilang mga teknikalidad na sumasaklaw sa sistemang elektoral at mga kasanayan sa halalan ng Pilipinas. Sa huli, nais ng tagapagsalita na suportahan ang tungkulin ng lehislatura sa pagpapabuti ng proseso ng eleksyon sa bansa.

Mga susing salita: halalan, saligang batas, pag-unlad, pagboto, reporma

**Para Kanino ka Bumabangon?: Ang Laban Natin Para sa Karapatan at Kalikasan**

*Atty. Golda S. Benjamin*
*College of Law, Silliman University*

Mahirap manindigan laban sa mga may kapangyarihan sa Pilipinas. Sa ating kasaysayan, naging madugo, masakit, at nakakatakot ang buhay ng isang aktibista at tagapagtanggol ng karapatang pantao at tagapangtaggol ng kalikasan. Ang laban ay hindi tumitigil dahil ito ay naka-ugat sa pagmamahal at sa pinahahalagan ng nakikibaka. Dahil sa dalawang dahilan na ito, ang laban ay para sa sarili, pamilya, at sa bayan. May mga bagay na nakakatulong upang mapalakas ang laban: pagkakaisa, malalim na pagkakaintindihan sa direksyon sa laban, at pagpapalakas ng hanay ng mga lumalaban. May mga bagay din na nakakapagdagdag sa hirap: lakas ng kalaban, takot, at pisikal na pagod. Sa huli, nais ng tagataguyod na suportahan ang tungkulin ng mambabatas sa pagpapabuti ng proseso ng eleksyon sa bansa.

## PAGPAPAKILALA SA PANGUNAHING TAGAPAGSALITA



**FR. FLAVIANO VILLANUEVA, SVD**
Executive Director, St. Arnold Janssen Kalinga Center

Si Fr. Flaviano Antonio L. Villanueva, SVD, o kilala bilang Flavie, ay miyembro ng Societas Verbi Divini (Society of the Divine Word) at Direktor ng Justice, Peace and the Integrity of Creation (JPIC), SVD Philippine Central Province. Siya rin ang Pangulo at Executive Director ng AJ Kalinga Foundation Inc., na nagpapatupad ng dalawang (2) pangunahing programa: a) ang Arnold Janssen Kalinga Center (AJKC) at b) Programang PagHilom. Ang KALINGA (Kain, Aral, LIgo, NG Ayos) Center ay isang apostolado na nagbibigay sa mga naninirahan sa kalye ng ilang beses sa isang linggo ng mainit na pagkain, paligo, malinis na damit, at pahinga upang mabawi ang kanilang dignidad.

Nagtapos ng pangunahing edukasyon si Fr. Flavie sa Don Bosco Technical Institute sa Lungsod ng Makati at ng Bachelor of Science and Commerce major in Business Management and Administration sa Colegio de San Juan de Letran sa Lungsod ng Maynila. Siya ay naordinahan bilang SVD *priest* noong 2005 nang matapos niya ang kanyang Master of Arts in Theology major in Pastoral Ministry, *magna cum laude*. Naglingkod siya sa Timor Leste bilang misyonaryo, pari sa parokya, Marketing Direktor ng Timor Kmanek (RTK), guro sa Instituto Ciencas de Religiousas (ICR), at *senior staff member* ng Commission on Justice and Peace ng Diyosesis ng Dili. Sa kanyang pagbalik sa Maynila, naging panauhing pari siya sa St. Jude National Shrine sa Malacañang, Maynila noong 2010, at Associate Director ng SVD Postulancy sa Lungsod ng Tagaytay mula 2012 hanggang 2014. Mula 2014 hanggang 2017, siya ang Direktor ng Mission Secretariat ng SVD Philippine Central Province.

Si Fr. Flavie ay pinakakilala para sa kanyang trabaho sa Kalinga Center, na kanyang itinatag noong 2015. Noong 2016, sa pagpasok ng Administrasyong Duterte, pinalawak ng Kalinga Center ang mga serbisyo nito mula sa mga pagkain, paligo, at mga damit para sa mga walang tirahan sa pagbibigay ng *support services*, na kilala bilang Programang PagHilom, para sa mga nabalo at naulila sa mga pamamaslang na nauugnay sa kampanya laban sa droga ng kasalukuyang administrasyon, kabilang dito ang pagpoproseso ng *psychosocial trauma*, tulong pang-edukasyon, pagsasanay sa kabuhayan, at espirituwal na integrasyon. Noong 2020, sa panahon ng *quarantine* na dulot ng pandemyang COVID-19, masigasig na inorganisa ni Fr. Flavie ang pitong pansamantalang *safe shelters*, sa pakikipagtulungan sa pitong paaralang Katolikon sa Maynila at sa Arkidiyosesis ng Maynila. Limang daang naninirahan sa kalye ang nabigyan ng marangal na pangangalaga: masustansiyang pagkain ng tatlong beses sa isang; araw-araw na paligo; malinis na inuming tubig, *hygiene kit*, damit, at suportang medikal. At ang pinakamagandang balita, lahat ng 500 naninirahan sa kalye na nag-quarantine sa pitong *shelters* sa loob ng tatlong buwan ay hindi nagkasakit ng COVID-19.

## PAGPAPAKILALA SA MGA PLENARYONG TAGAPAGSALITA

**ASSOC. PROF. ANNA CRISTINA A. TUAZON, PSYD, RPSY**
Departamento ng Sikolohiya
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Si Dr. Anna Cristina Tuazon ay isang lisensyadong *clinical psychologist* na nagtapos ng kanyang masterado sa sikolohiya at doktorado sa *clinical psychology* sa The Wright Institute sa Berkeley, California, Estados Unidos. Siya ay kasalukuyang Kawaksing Propesor sa Departamento ng Sikolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman at nagtuturo sa gradwadong programa sa *clinical psychology*. Nagsisilbi siyang *Clinical Supervisor* ng UP Diliman Psychosocial Services (PsycServ). Kasalukuyan siyang *host* ng "Share Ko Lang" ng GMA News Online at kolumnista ng Philippine Daily Inquirer.

**ASST. PROF. PIERCE S. DOCENA, MA, RPM**
Division of Social Sciences
Unibersidad ng Pilipinas Visayas Tacloban College

Si Pierce S. Docena ay Assistant Professor sa Division of Social Sciences, Unibersidad ng Pilipinas Visayas Tacloban College, kung saan siya nagtapos ng Bachelor of Arts (Social Sciences) Psychology, cum laude. Nagtapos din siya ng MA Psychology mula sa UP Diliman, kung saan siya ay kasulukuyang nag-aaral ng PhD Psychology. Isa siyang top 10 placer sa October 2019 Board Licensure Examination for Psychometricians at aktibong kasapi ng Psychological Association of the Philippines at Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Bilang isang Yolanda survivor, kasama siya sa mga unang nagbigay ng serbisyong MHPSS sa mga indibidwal at komunidad na nasalanta ng bagyo. Naging bahagi rin siya ng pagbuo, pagpapatupad, at pag-aaral ng programang Katatagan. Ilan sa mga natanggap niyang pagkilala ay ang Harangdón Award for Outstanding Faculty ng UP Tacloban, One UP Faculty Grant Award in Psychology (LGBT Psychology) for Research and Public Service in UP Visayas mula sa UP System, Chancellor's Award for Outstanding Assistant Professor ng UP Visayas, at Outstanding Thesis Award mula sa Psychological Association of the Philippines.

**G. GERARDO "JUN" V. CABOCHAN, JR.**
Pandayan Bookshop

Si Jun Villacorta Cabochan ay ang Tagapangasiwang Direktor ng Pandayan Bookshop, isang *retail chain* ng mga gamit sa paaralan at opisina. Itinatag niya ang Pandayan noong 1993. Ngayon, kalat na sa Luzon ang Pandayan. 135 ang tindahan nito at nasa 1,000 ang kasalukuyang bilang ng mga nagtatrabaho dito. Layunin ng Pandayan ang isabuhay ang mabuting pagpapakatao, pakikipagkapwa-tao, at pagkamakatao. Inaasahan ni Jun na matutuwa kayo sa mga kuwento ng mga Panday na kanyang ihahatid sa inyo. Si Jun ay nagtapos sa Pamantasang Ateneo de Manila ng AB Political Science, *cum laude* at *departmental awardee*.

**ASST. PROF. EMMANUEL JERIC A. ALBELA, PHD, LPT**
Departamento ng Kasaysayan
Unibersidad ng Santo Tomas

Si Emmanuel Jeric A. Albela ay nagtuturo sa Departamento ng Kasaysayan ng Faculty of Arts and Letters sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST) na may ranggong Assistant Professor (Katuwang na Propesor) 4. Siya ay isang lisensyadong guro na nakapagturo sa mga mag-aaral mula sa elementarya hanggang kolehiyo. Nakamit niya ang Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon sa Kasaysayan (2006), Masterado sa Kasaysayan, *cum laude* (2008), at Doktorado ng Pilosopiya sa Kasaysayan (2021) sa parehong unibersidad. Ginawaran ng markang *benemeritus (magna cum laude)* ang kanyang *doctoral dissertation* na "The Passage of Republic Act 1425: Contextualizing Rizal, Nationalism, and La Leyenda Negra - Its Unintended Consequence". Si Dr. Albela ay kasaping panghabambuhay ng Philippine Historical Association at Philippine National Historical Society at nagtrabaho bilang *consultant* ng *depoliticizing the barangay government* na pinamumunuan ng tanggapan ng Assistant Secretary for Plans and Programs ng Department of Interior and Local Government. Naging *consultant* din siya para sa *Youth Education* at *Non-Formal Education Module Development* ng Youth for Sustainable Development Assembly (YSDA), isang *non-government organization* na nakabase sa Lungsod Quezon. Sa kasalukuyan, nagtatrabaho siya bilang isang *consultant* sa ilalim ng Design Science Incorporated para sa proyekto ng Tourism Infrastructure and Enterprise Zone Authority (TIEZA)-Cavite Historical Trail Master Plan at Manila and Intramuros Historical Trail Master Plan bilang dalubhasa sa kasaysayan. Nakapaglathala siya ng mga makasaysayang pag-aaral at naglahad ng mga papel sa mga lokal at internasyonal na kumperensiya sa edukasyon, kultura ng pagkain, kasaysayan ng ekonomiya at kasaysayan ng Asya. Siya ang tagapagtatag, tagapaglathala, at editor ng TALA: An Online Journal of History.

Si Dr. Albela ay nagsisilbi rin sa UST bilang *student affairs practitioner* sa kanyang panunungkulan bilang Student Welfare and Development Coordinator ng UST Conservatory of Music mula noong 2012. Sa kasalukuyan, nagsisilbi siyang *special lecturer* sa Lyceum of the Philippines University-Manila.

**ATTY. GOLDA S. BENJAMIN**
College of Law
Silliman University

Isang abogado para sa karapatang pantao si Golda Benjamin. Siya ay nagtapos ng Bachelor of Psychology at Law sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Silliman University College of Law. Noong nasa kolehiyo pa siya, naging Pangulo siya ng Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino. Naging Head of Legislation din siya para sa isang senador ng Pilipinas at naging Consultant ng Department of Agrarian Reform.

**Unang Sabayang Sesyon**
25 Nobyembre 2021 (Huwebes)
10:25-11:55 n.u.

| 1A<br>Sikolohiya ng Ispiritwalidad at Pagpapatawad | 1B<br>Sikolohiyang Pilipino at Lokal na Pagkakakilanlan | 1C<br>Pagdadala at Pagseserbisyo sa Sarili, Kapwa, at Bayan | 1D<br>Sikolohiya ng Pagtulong at Pagtugon<br>Tagapagpadaloy: Danielle P. Ochoa |
|---|---|---|---|
| **Mediasyon ng Communion, Agency, at Private Practice sa Spiritual Experience at Prosocial Behavior**<br>Justin Vianey M. Embalsado, Jonee O. Miranda, Airajoy Keynn S. Medina, Reymond Neal C. Cruz<br>*Angeles University Foundation*<br>Homer J. Yabut, Darren E. Dumaop<br>*Pamantasang De La Salle*<br><br>**Magkakaibang Perspektibo sa Pagpapatawad at mga Implikasyon Nito sa Pag-aayos ng Hidwaang Bangsamoro at Kristiyano**<br>Paul Danielle P. Labor at Maria Cecilia C. Gastardo-Conaco<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Tendensya ng mga Pilipino sa Pagpapatawad sa Sarili kasama ang Pagpapatawad ng Iba at ang Haba ng Panahon ng Pagbibigay Patawad: Isang Kolektibong Lapit**<br>Jose Carlo Mari A. Calinisan<br>*Colegio de San Juan de Letran-Bataan* | **Partido Local Studies: Ideyang Sumasalamin sa Udyok ng Pagbangon mula sa Pagkakalugmok**<br>Marjun A. Sedeño<br>*Partido State University*<br><br>**Kalooban: Etikal na Balangkas ng Gawaing Panlipunan sa mga Katutubong Pamayanan ng mga Ayta ng Zambales**<br>Angelito B. Meneses<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Paglikom at Pagsuri sa mga Kuwentong Bayan ng Tinambac Tungo sa Pagbuo ng Suplementong Kagamitang Pampagtuturo ng Panitikan sa Baitang 7**<br>Ruth V. Pasco<br>*Magarao National High School*<br><br>**Matagumpay na Pagtanda o Maginhawang Pagtanda? Isang Panimulang Pagbabalangkas ng Alternatibong Diskurso sa Pagtanda**<br>Michelle G. Ong<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* | **Modelo ng Pagdadala: Lapit at Gamit**<br>Henmar C. Cardiño<br>*Unibersidad ng Santo Tomas at Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*<br>John Mark S. Distor<br>*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*<br><br>**Pagdadala ng mga Pampublikong Guro at Tagapamahala sa Palawan sa Panahon ng Pandemyang COVID-19**<br>Henmar C. Cardiño<br>*Unibersidad ng Santo Tomas at Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*<br>Jade Ibhar V. Cuambot,<br>*Unibersidad ng Santo Tomas*<br>Jeemon Rey A. Bacaoco<br>*Unibersidad ng Santo Tomas at Pamantasang Ateneo de Manila*<br><br>**Mga Naratibo ng Danas ng mga Go Negosyo Mentor sa Pagsisilbi sa Bayan**<br>Catherine C. Cocabo<br>*Pamantasang De La Salle*<br><br>**Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya: Pagsipat sa Kalagayang Pampagtuturo at Pampagkatuto**<br>Alvin Rom De Mesa<br>*Leyte Normal University* | **Pagtulong sa mga Nasalanta: Ang Papel ng Social Class Status, Legitimizing Myths, at Social Judgments sa Uri ng Tulong na Binibigay ng mga Mayayaman**<br>Leonel J. Relis<br>*St. Scholastica's College Tacloban at Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>Jose Antonio R. Clemente<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Saranay at Sinnaranay: Magkaibang Konteksto ng Pagtulong Bago at sa Panahon ng Pandemya**<br>Felicisimo G. Galletes Jr.<br>*Unibersidad ng Pilipinas Baguio*<br><br>***Sa Likod ng Kandadong Pinto*: Kwalitibong Pananaliksik Tungkol sa Domestikong Karahasan sa mga kababaihang Pilipino habang panahon ng COVID-19 Lockdown**<br>Patricia Andrea S. Flores, Peter Marc G. Albaira, Anna Joy D. Calilung, Bianca C. Morales, Leanne Melvin B. Pertes, at Chloe Denisse A. Ustaris<br>*National University Laguna*<br><br>**Ang Community Pantry bilang Repleksyon ng Pagpapahalagang Pilipino at Panawagan ng Ordinaryong Mamamayan Para sa Pagbabago sa Gitna ng Pandemya: Isang Kwalitatibong Pananaliksik**<br>Maria Theresa B. Largo, Joshua Neri A. Cristobal, at Adriel Jireh M. Lumague<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |

**Unang Sabayang Sesyon**
25 Nobyembre 2021 (Huwebes)
10:25-11:55 n.u.

| 1E<br>Diwa, Punla, at Lunan ng/sa Sikolohiyang Pilipino | 1F<br>Pagunawa sa Sarili at Sikolohiyang Pilipino | 1G<br>Mga Salik na Nagbibigay Proteksyon sa mga Adolescents at Early Adults (Symposium)<br>Convenor: Apryl Mae C. Parcon |
|---|---|---|
| **Ang Diwa sa Sikolohiyang Mapagpalaya bilang Batayan ng Tawid-diwang Batayan ng Panitikang Makabayan ni Bienvenido Lumbera**<br>Dexter B. Cayanes<br>*Unibersidad ng Pilipinas Los Baños*<br><br>**Ang Pagpunla at Pagpapatuloy ng Sikolohiyang Pilipino sa Pamantasang De La Salle-Maynila**<br>Deborrah Sadile Anastacio, Monica Renee G. Policarpio<br>*Pamantasang De La Salle*<br>Leslie Anne L. Liwanag<br>*Visayas State University*<br><br>**Paglulunan ng Kapwa sa Damdaming Pilipino: Isang Pagsusuring Natural na Semantikang Metawika (NSM)**<br>Jayson D. Petras<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Patas na Tingin: Isang Pagsususri sa mga Kadahilanan ng Pagsuporta sa Redistribusyon**<br>Nic L. Castaneda, Legriv Vilee I. Marquez, at Jose Antonio R. Clemente<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* | **Pag-aaral patungkol sa Pagkukusang Isagawa ang Pagbabago sa Sarili at sa Iba ng mga Piling Parolado at nasa Ilalim ng Probasyon sa Lungsod ng Muntinlupa sa Panahon ng Pandemiya**<br>Chrisia Mae I. Rosco, Kersha V. Inahid, at Mary Easter Claire S. Perez-Torres<br>*Asia Pacific College*<br><br>**Ilob ngan Isog: Pananalinghaga sa Katutubong Awiting "Lawiswis Kawayan" Bilang Dalumat sa Kaloobang-bayan ng mga Waray**<br>Ian Mark P. Nibalvos<br>*Unibersidad ng Santo Tomas*<br><br>**Paggalugad ng mga Salik na Nakaaapekto sa Politikal na Pagkakakilanlan ng Kabataang Pilipino**<br>England Danne B. Castro, Homer Glenn Francisco Atanacio, Jian Montes, Frances Gandeza, at Joanna Gandeza<br>*Saint Louis University*<br><br>**Mga Salik na Nakahihikayat sa mga Bagong Botante at Ang Kanilang Pananaw ukol Katangiang dapat Taglayin ng isang Politikal na Lider**<br>England Danne B. Castro, Martin Cheung, Zsarizze Kaye C. Aniban, Shaznay A. Alomia, at Jamina A. Balagtas<br>*Saint Louis University* | **Cyberbullying sa Panahon ng COVID-19: Ang Kontribusyon ng Social Media Engagement, Parental Monitoring, at Moral Disengagement sa mga Cyber-aggressive Tendencies**<br>Tasha Mae M. Villacorta<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Pagiging Positibo sa Panahon ng COVID-19: Ang Gampanin ng Protective Factors at Konteksto ng Pagiging Emerging Adult sa Panahon ng Pandemya**<br>Nolein Verniz V. Dela Cruz<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Pagbangon Pilipinas: Emotion Regulation bilang Salik sa Pagtaas ng Resilience ng mga Young Adults Ngayong Panahon ng Pandemya**<br>Arrianeth A. Sandoval-Barcenas at Apryl Mae C. Parcon<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* |

**Ikalawang Sabayang Sesyon**
26 Nobyembre 2021 (Biyernes)
11:00-12:30 n.t.

| 2A<br>Mga Pagpapahalagang Pilipino | 2B<br>Paghahanap-buhay sa Panahon ng COVID-19 Pandemya | 2C<br>Mental Health at Sikolohiyang Pilipino | 2D<br>Daynamiko ng Pagmamagulang sa Panahon ng COVID-19 Pandemya |
|---|---|---|---|
| **Ang Katarungan Bilang Pagpapahalagang Pilipino: Pagmumuni-muni sa Kasaysayan, Wika, at Sikolohiyang Pilipino**<br>Atoy M. Navarro<br>*Thammasat University, Thailand*<br><br>**Pagtataguyod sa Dangal ng mga Batang Biracial o Haphap sa Lungsod ng Angeles**<br>Maria Margarita R. Lavides<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Hanggang Saan ang Pakikisama? Pagninilay-nilay sa Pagkakaiba-Iba Batay sa Interpersonal Traits**<br>Kathlyn T. Caragay<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Surface Values bilang Proseso ng Pagpapatawad sa mga Pilipinong Mag-aaral**<br>Samantha Rae A. Cortez at Teresita T. Rungduin<br>*Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila* | **"*Hindi kami ang virus*": Paggalugad sa mga Karanasan ng *Stigma* ng *Healthcare Workers* sa Panahon ng Pandemyang COVID-19**<br>Kuisha Alysson Marie L. Balverde, Christian Dave Broña, Joselle D. Cabangangan, Patrick Adrian C. Diaz, at Ivy Nicole E. Naputo<br>*Unibersidad ng Pilipinas Visayas Tacloban College*<br><br>**Bagong Pag-unawa sa Pagbabagong-Kalagayan ng mga Manggagawa**<br>Liezl Rillera-Astudillo<br>*De La Salle University Integrated School*<br><br>**Ang Kalidad ng Buhay, Balanse ng Trabaho at Buhay, at Empathy sa Konteksto ng Pagtuturo ng mga Guro sa Elementarya sa Panahon ng Pandemya**<br>Eden H. Terol, Cristabel F. Tiangco, Bryan Q. Engay, at Rosanne G. Echivarre<br><br>*UP Diliman Extension Program in Pampanga*<br><br>**L.I.L.O.K: Paghubog at Paghahanda sa mga Naghahangad Maging Punong-Guro**<br>Maria Laarni Carla C. Paranis<br>*Kagawaran ng Edukasyon* | **Isang Pagtingin sa Gamit at Kahulugan ng Salitang "Baliw" at ang Implikasyon Nito sa mga Kasanayan sa Kalusugang Pangkaisipan**<br>Rosemarie N. Calma at Teresita T. Rungduin<br>*Pamantasang Normal ng Pilipinas*<br><br>**Ang TPB at Mental Health-Seeking Intention ng mga Pilipinong Atheist at Agnostic: Isang Pagsusuri sa Papel ng Stigma**<br>John Jamir Benzon Aruta<br>*Pamantasang De La Salle*<br>Darren E. Dumaop<br>*Pamantasang De La Salle at Pamantasang De La Salle-Dasmarinas*<br>Monica Renee G. Policarpio, Aliki Marie L. Siao<br>*Pamantasang De La Salle*<br>Jan Mervynne D. Cabantog<br>*Philippine Atheist, Agnosticism, and Secularism, Inc.*<br><br>**Mga Problema sa Pagtulog at Epektong Sikolohikal: Isang Prospektibong Pananaliksik sa mga Nakadanas ng Sakuna Dulot ng Bagyong Yolanda**<br>Charlie E. Labarda<br>*Unibersidad ng Pilipinas Maynila*<br><br>**Aklat at Lunas: Ilang Tala at Panukala sa Biblioterapiya at Aklat Pambata sa Panahon ng Pandemya**<br>Eugene Y. Evasco<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman* | **Paninindigan bilang mga Magulang sa Panahong Digital: Mga Motibasyon at Pamamaraan ng Paggabay sa mga Bata sa Paggamit ng Digital Media Device**<br>Annalyn De Guzman Capulong<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Kumusta sa Bahay? Mga Kahulugang Binuo ng Mga Pamilyang Pilipino sa Panahon ng *COVID-19* na Pandemya**<br>Jisaiah Enoch C. Alban at Jilianne Martinada<br>*Unibersidad ng Pilipinas Visayas Tacloban College*<br><br>**Inang-Guro sa Panahon ng Pandemya: Mga Isyu at Hamon sa mga Ina sa Paggabay sa mga Anak sa kanilang Online Learning**<br>Catherine C. Cocabo at Rowell D. Madula<br>*Unibersidad ng Santo Tomas*<br><br>**Isang Pag-aaral sa mga Tungkulin ng mga Piling Solong Magulang: Basehan sa Pagbuo ng Solo Parent Therapy**<br>John Timothy N. Parayno, Karen Cecille G. Bastol, at Mary Easter Claire S. Perez-Torres<br>*Asia Pacific College* |

**Ikalawang Sabayang Sesyon**
26 Nobyembre 2021 (Biyernes)
11:00-12:30 n.t.

| **2E**<br>**Danas at Damdam ng mga Mag-aaral sa Panahon ng COVID-19 Pandemya** | **2F**<br>**Gamit at Epekto ng Social Media sa Kapwa at Kultura** | **2G**<br>**Mga Kwalitatibong Pag-aaral sa Sikolohiyang LGBTQ+: Mga Kwento't Karanasan ng mga Pilipinong LGBTQ+ sa Iba-ibang Konteksto (Symposium)**<br>**Convenor: Beatriz A. Torre** |
|---|---|---|
| **Akademikong Sentimyento ng mga Mag-aaral sa Online Learning sa Konteksto ng Pandemya**<br>Glaze Andrea Campo, Chrislynne Joy Cerbito, Kristel Jane Marie Cotejar, at Fatima Coleen Rose Petilla<br>*Unibersidad ng Pilipinas Visayas Tacloban College*<br><br>**MaPa, Ako na: Karanasan at Pananaw ng Mga Nagsipagtapos sa Gitna ng Pandemya**<br>Sandra F. Boladas, Erika Mae Pauline A. Goopio, at Ann Venice M. Velarde<br>*National University Laguna*<br><br>**Pakikilahok sa Gawaing Pansibiko ng mga Mag-saral sa Ilang Pampublikong Pamantasan**<br>Fe' Josefa Nava, Pia Boughdette C. Agustin, at Ella Alena A. Catacutan<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Pagkabalisa at Pangsariling Konsepto: Ang mga Pilipinong Kabataan sa Panahon ng Pandemya**<br>Luel Mae P. Contreras<br>*Xavier University* | **Dapat Nga Ba I-Cancel ang Cancel Culture?: Cancel Culture sa Filipino Twitter**<br>Van Alistair H. Faeldon<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br><br>**Online na Eksperimento ukol sa Impluwensya ng mga Online na Komento sa Pag-uugali tungo sa mga Pilipinong Informal Settlers**<br>Mary Bernadeth SD. Basuil, Ivy Marielle A. Flordeliza, Neome Louise S. Lacanaria, Alisha Denise D. Nario, Raisa Franchezca U. Pilapil<br>*Pamantasang De La Salle-Dasmariñas*<br><br>**Hi Guys Welcome Back to my Youtube Channel: Ang Diskurso ng Vlogging sa Konteksto ng Komodipikasyon at Pagtatampok ng Indentidad**<br>John Lloyd O. Cañones<br>*Pamantasang De La Salle* | **Karanasan sa Pagiging Tagasalo ng mga Pilipinong Lesbiyana at Bakla**<br>Junix Jerald de los Santos<br>*Unibersidad ng Baguio*<br>Faridah Kristi Cabbigat-Wetherick<br><br>**Nananatiling Tahimik: Ang Buhay na Karanasan ng mga Manggagawang Deaf Gay sa Pribadong Sektor**<br>Jan Erron Celebrado<br>*Beyond Education Development Organization Inc.*<br><br>**"Hindi Ka Tunay na Babae": Ang mga Karanasan ng Estigma at Paraan ng Pagkaya ng mga Kabataang Trans at Gender Non-Conforming (TGNC)**<br>Riyan Portuguez at Beatriz Torre<br><br>**Pakikipagkapwa, Ibang-Tao, at Pakikisangkot: Identity Negotiation at Pagtugon sa SOGIE-based Harassment**<br>Luis Emmanuel A. Abesamis<br>*Pamantasang De Salle* |